

## **Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Pangagamot at Pagsingil sa Providence Kodiak Island Medical Center**

Abiso para sa Mga Serbisyong Pang-emergency: Alinsunod sa mga regulasyon ng pederal, ipinagkakaloob namin sa inyo ang abiso ng pagkakaroon ng mga serbisyo sa emergency sa ospital na ito. Kapag may maganap na pang-emergency na medikal na kundisyon habang kayo ay ginagamot, mayroon kaming mga doktor na agad tutugon sa mga pang-emergency na medikal na kundisyon 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Ang mga on-call na doktor ay mabilis na tutugunan ang mga pang-emergency na medikal na pangangailangan. Ang mga on-call na Doktor ay maaaring hindi palaging nasa ospital.

Kung kinakailangan ang paglipat sa isa pang pasilidad upang makapagbigay ng pangangalagang medikal, magbibigay ang ospital na ito ng medikal na pangagamot ayon sa kakayahan nito upang mabawasan ang panganib ninyo, at kasunod ay magbibigay ng medikal na narapat na transportasyon sa isang pasilidad na mayroong kakayahang matugunan ang inyong mga medikal na pangangailangan.

**Ang Aking Pagkakaunawa sa Ugnayan sa Pagitan ng Providence Kodiak Island Medical Center at ng (mga) Doktor na Gumagamot sa Akin:** Aking kinikilala na ang lahat ng nagtatrabahong mga provider ng pangangalaga sa kalusugan na maaaring gumagamot sa akin ay mga lisensiyadong nanunungkulan na nabigyan ng pribilehiyo sa paggamit ng ospital para sa pangangalaga at pangagamot ng kanilang mga pasyente, at hindi kailangang mga empleyado o ahente ng ospital.

**Providence Kodiak Island Medical Center:** Aking nauunawaan na ang Providence Kodiak Island Medical Center ay isang Critical Access Hospital at ang residenteng doktor, mga mag-aaral na nars, at iba pang mga mag-aaral sa propesyong pangkalusugan ay maaring kasama sa pangangalaga sa akin. Aking kinikilala na ang mga residente at mag-aaral na ito ay pinamamahalaan ng isang bihasang kawani. Ang gumagamot sa aking doktor ang may buong awtoridad at pananagutan para sa aking pangangalaga. Aking nauunawaan na maaari kong tanggihan ang pangangalaga ng sinumang residente o mag-aaral sa anumang oras, at ang gayong pagtangga ay hindi magbubunga ng anumang pagbaba sa kalidad ng pangangalaga na ibinibigay.

**Ligtas na Kapaligiran para sa Pangangalaga sa Kalusugan:** Ang mga sandata o iba pang mga mapanganib na bagay, ipinagbabawal na gamot, at mga gamot na hindi nireseta ng doktor ng pasyente/residente/kliyente ay hindi pinahihintulutan sa pasilidad. Ang obligasyon ng pasilidad na magkaloob ng ligtas na kapaligiran para sa pangangalaga ay dapat mas mauna sa karapatan sa pagkapribado ng indibidwal. Nakalaan sa Providence ang karapatang maghanap sa kuwarto ng mga pasyente/residente/kliyente at kumpiskahin ang gayong mga bagay kung mayroong makatuwirang dahilan.

### **Mga Usapin sa Pananalapi**

**Mga Obligasyon sa Pananalapi:** Bilang pagsasaalang-alang sa mga serbisyong igagawad sa pasyente/residente/kliyente, siya kung gayon ay indibidwal na inoobliga ang kanyang sarili na bayaran ang account sa pasilidad alinsunod sa karaniwang halaga at mga tuntunin ng pasilidad. Kung isangguni ang account sa abogado para sa pagkolekta, ang pasyente/tagagarantiya ang magbabayad ng tuwirang bayarin at gastos sa pagkolekta ng abogado. Ang pasyente/residente/kliyente ay magkahiwalay na sisingilin ng mga doktor na kasama sa kanyang pangangalaga. Ang lahat ng tuntunin at kundisyon sa talatang ito ay nalalapat sa mga singilin sa silid na pang-emergency.

**Pagtalaga ng Mga Benepisyo sa Insurance:** Ang nakalagda ay pinahihintulutan na, hindi alintana kung siya man ay lumagda bilang ahente o pasyente/residente/kliyente, direktang magbayad sa Providence sa anumang mga benepisyo sa insurance maliban lang kung babayaran sa nakalagda para sa kanyang pangangalaga sa halagang hindi tataas sa mga karaniwang singil. Napagkasunduan na ang pagbabayad ng inyong singilin alinsunod sa pahintulot na ito, ng kumpanya ng insurance ay nag-aalis sa nabanggit na kumpanya ng insurance ng anuman at lahat ng obligasyon sa ilalim ng patakaran sa hangganan ng gayong pagbayad. Nauunawaan ng lumagda na siya ang may pananagutan sa pagbabayad para sa lahat ng singil na hindi sakop ng tinalagang ito.

**Pasyenteng Nagpalista sa Mga PPO/HMO na Carrier Plan:** Aking nauunawaan na ako ang may pananagutan para sa paggarantiya ng aking pagiging kwalipikado at pagkuha ng pagpayag para sa mga serbisyo mula sa aking PPO/HMO na plano, o dapat akong magplano para sa pagbabayad ng mga serbisyong ipinagkaloob sa oras na ito. Sumasang-ayon ako na maging responsable sa pagbabayad para sa anuman at lahat ng singil sa pagbisitang ito kung hindi sakop ng aking Plano sa Kalusugan.

**Singil ng Doktor:** Maaari kayong makatanggap ng hiwalay na singil para sa ilan sa mga serbisyo ng doktor. Kabilang dito ang mga singil mula sa radiologist, pathologist, at anesthesiologist. Ang mga kinukonsultang doktor at iba pang propesyunal sa pangangalaga sa kalusugan na nagkaloob ng serbisyo sa inyo ayon sa utos ng inyong doktor ay maaaring magpadala rin ng hiwalay na singil. Ang singil sa x-ray, pathology at anesthesiology na pinakita sa inyong singil na nasa papel ay para sa mga materyal at pasilidad. Makakatanggap kayo ng hiwalay na singil na nasa papel mula sa doktor para sa kanilang mga propesyunal na serbisyo.